



Ang Isang Mas Magandang Kinabukasan ay Nagsisimula Dito

Ito ay isang natatanging pagkakataon upang makatanggap ng mga serbisyong wala pa noon - mga serbisyong sadyang ginawa para sa mga amang katulad mo.

Sa pamamagitan ng pakikilahok, hindi mo lang tinutulungan ang iyong sarili - tinutulungan mo ang iyong mga anak, ang iyong pamilya, at ang iyong kinabukasan.

MEW
MALE ENGAGEMENT WORKER

CHILDREN'S AID SOCIETY *of* TORONTO | LA SOCIÉTÉ DE L'AIDE *à* L'ENFANCE DE TORONTO

torontocas.ca

Catholic Family Services of Toronto

cfstoronto.com

Catholic Children's Aid Society of Toronto | La Société Catholique de l'Aide à l'Enfance de Toronto

torontoccas.org

MEW
MALE ENGAGEMENT WORKER



Ang Programa ng Lalaking Manggagawa na Nakikipag-ugnayan

Mga Nakikilahok na Ama, Pinalalakas ang mga Pamilya at Sumusuporta sa Pagbabago

Kung ikaw ay isang amang sangkot sa kapakanan ng bata dahil sa mga alalahanin tungkol sa karahasan sa tahanan o tunggalian, hindi ka nag-iisa - at hindi ka walang suporta. Ang Programa ng Lalaking Manggagawa na Nakikipag-ugnayan [Male Engagement Worker (MEW)] ay narito upang tulungan kang gumawa ng mga makabuluhang hakbang tungo sa pagbabago, paggaling, at mas matibay na relasyon sa iyong mga anak.

Ano ang Programang MEW?

Ang Programang MEW ay nilikha upang punan ang kakulangan sa sistema ng kapakanan ng bata: pakikipag-ugnayan sa mga kalalakihan - lalo na sa mga ama - sa paraang tapat, nakatuon sa pagkakapantay-pantay, magalang, at sumusuporta sa pag-unlad. May karahasan sa tahanan man o wala, madalas na hindi naisasama ang mga ama sa usapan. Binabago iyan ng programang ito.

Naniniwala kami na kapag ang mga ama ay sinusuportahan na pagnilayan ang kanilang mga kilos at bumuo ng mas malusog na mga relasyon, lahat ay makikinabang - lalo na ang mga bata.



Anong Suporta ang Matatanggap Mo?

Sa pamamagitan ng MEW na Programa, magkakaroon ka ng akses sa:

- **Isa-sa-Isang Suportibong Pagpapayo**

Gamit ang mga pamamaraang tulad ng pagganyak na pakikipanayam, tinutulungan ka ng mga MEW na tuklasin ang iyong mga layunin, mga hamon, at mga kalakasan.

- **Pagpaplano ng Kaligtasan at Nabigasyon ng Sistema**

Humingi ng tulong sa pakikipag-ugnayan sa mga mapagkukunan ng komunidad at paggawa ng ligtas at matalinong mga desisyon para sa iyong sarili at sa iyong pamilya.

Bakit Ito Mahalaga?

Ang programang ito ay dinisenyo upang tulungan ka na:

- **Maging mas aktibo sa buhay ng iyong anak**
- **Unawain kung paano ang iyong mga kilos ay nakaapekto sa iyong mga anak**
- **Bawasan ang tunggalian at mga mapaminsalang pag-uugali**
- **Bumuo ng isang pundasyon para sa mas malusog na mga relasyon**
- **Maging isang aktibong bahagi ng Pagpaplano ng Kaligtasan para sa iyong anak**



- **Mga Sesyon ng Grupo para sa mga Ama**

Matuto at umunlad kasama ang ibang mga ama sa isang grupong sumusuporta. Kabilang sa mga paksa ang:

- Pagbuo ng malusog na mga relasyon ng magulang at anak
- Mga estratehiya para sa magkatuwang na pagpapalaki ng mga anak
- Responsibilidad at resolusyon sa pag lutas ng alitan
- Pag-uunawa sa epekto ng iyong pag-uugali sa mga bata

